

KABANATA XI : MGA KAPARUSAHAN

Seksyon 72. Mga Gawaing May Parusa at iba pang Naaangkop na mga Multa. Sinumang tao na nakagawa ng paglabag sa alinman sa mga itinatadhana ng Batas na ito, katulad ng, subalit hindi limitado sa, walang pahintulot at/o labag sa batas na panghihimasok sa alinmang lupa o lupaing ninuno katulad ng nakasaad sa Sek. 21 at 24 Kabanata V, Sek. 33 kabanata VI ditto, ay mapaparusahan anng naaayon

sa mga katutubong batas ng kaukulang mga

Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan: Sa kondisyon, Na ang parusa ay hindi

maaaring ipataw ang parusang kamatayan o

pagbabayad ng sobrasobrang multa. Ang tadhanang

ito ay walang pagtatangi sa karapatan ng sinumang

Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan na makinabang sa pangangalaga ng mga

umiiral na batas. Sa anumang kalagayan, sinumang tao

na lumabag sa alinmang itinatadhana ng Batas na ito, kung mapapatunayang nagkasala ay mapaparusahan

ng pagkakabilanggo ng hindi bababa sa siyam (9) na

buwan at hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan

o pagmumultahin ng hindi bababa sa Isandaang libong

Piso (P100,000,000) o hindi lalampas sa Limangdaang

Libong Piso (P500,000,000) o parehong multa at

pagkakabilanggo kung pinagpasyahan ng hukuman. Dagdag ditto, siya ay pipiliting magbayad sa kinauukulang Katutubong Pamayanang

Kultural/katutubong Pamayanan ng anumang

pinsalang dinanas ng huli bilang kinalabasan ng

ginawang paglabag sa batas.

Seksyon 73. Mga Taong Maaaring Mapatawan ng

Parusa. Kung ang may katauhang hurikidal (juridical persons), lahat ng pamunuan nito, katulad ng, ngunit

hindi limitado sa kaniyang Pangulo, Tagapamahala, o

Punong Tagapagpaganap ang siyang mananagot sa

lahat ng dimakatarungang galaw o kilos nito ang

siyang mananagot sa lahat ng dimakatarungang galaw

o kilos nito at siayng papatawan ng kasalanang

criminal, dagdag pa ditto ang pagbawi sa kanilang

lisensya o katibayan ng pagpaparehistro. Datapwa't

kung ang may sala ay isang pinuno ng pamahalaan, ang kaparusahan ng disqualification para

manungkulan ay ipapataw rin.

Revision #1

Created 1 June 2025 05:52:47 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 05:53:02 by MaharlikanWatchman